## ANG AMING MGA SERBISYO

- **MAGBAHAGI** ng impormasyon tungkol sa resources na naaangkop para sa mga bata at mga pamilya
- **TULUNGAN** ang mga pamilya na makakuha ng mga serbisyo
- **MAGBIGAY** ng early assessment ng development ng iyong anak
- **SUPORTAHAN** ang mga pamilya sa pamamagitan ng maagang interbensyon at diyagnosis
- **EDUCATION** groups para sa mga magulang at mga caregiver ng maliliit na bata
- **MAGTATAG** ng malalakas na pamilya sa pamamagitan ng Saturday Family Gathering programs na para sa buong pamilya
- **TULUNGAN** ang mga magulang na matuto ng mga mabisang istratehiya sa parenting

## CONTACT INFO

Walang kinakailangang referral, at tinatanggap namin ang lahat ng pumapasok o nagpapadala sa amin ng email o text, o ang lahat ng tumatawag.


Telepono: 604-619-9488
Email: earlyyears@the-centre.org
Address: 204-7327 137 Street
Surrey, BC V3W 1A4
(ang entrance ay katabi ng Save-On-Foods)


## ANO ANG BABAYARAN

Ang lahat ng mga serbisyo ay libre at kompidensyal

THE Centre FOR CHILD DEVELOPMENT

Sophie's place

sources
EARLY CHILDHOOD DEVELOPMENT SERVICES

[Filipino]

BRITISH COLUMBIA
Supported by the Province of British Columbia

# EARLY YEARS HUB

**Nagbibigay ng resources at edukasyon para sa mga pamilya at sa kanilang mga anak na 0 hanggang 6-na-taong-gulang.**



# Tungkol sa amin at sa aming misyon

## ANG CENTRE FOR CHILD DEVELOPMENT

ay ang pinakamalaking child development centre sa BC. Simula pa noong 1953 ay tinutulungan ng Centre ang mga batang may special needs na maabot ang kanilang potensyal.

## ANG SOURCES INFANT DEVELOPMENT PROGRAM

ay nagbibigay ng libre at boluntaryong home visits program upang suportahan ang mga pamilyang may mga anak na 0-3 taong-gulang na mayroon o maaaring magkaroon ng developmental delay.

**Ang aming misyon magkasama ay ang magbigay ng mga libreng serbisyong naka-focus sa pamilya, at suporta para sa mga batang 0-6-na-taong-gulang at para sa kanilang mga pamilya.**

## EARLY LEARNING FAMILY AT CHILD PROGRAMS

- Isang libre at masayang setting para sa lahat kung saan ang mga bata (bagong panganak hanggang 6-na-taong-gulang) at ang kanilang magulang/caregiver ay makakapunta upang maglaro, magbasa, mag-socialize, at makipag-kaibigan.
- Tinutulungan namin ang mga pamilya na makahanap ng suporta, resources, at mga programa para sa kanilang mga pangangailangang may kinalaman sa parenting, child development, o sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata.
- Pagtitipon ng mga pamilya kapag Sabado; may crafts at mga aktibidad.
- Edukasyon at support groups.



## LIBRENG DROP-IN GROUPS

- Ang mga grupong ito ay nagbibigay ng early childhood education experience sa pamamagitan ng paglalaro.
- Hindi kailangang mag-appointment o magrehistro para umattend sa mga mga grupong ito.
- Ang drop-in groups ay itinatanghal sa Early Years Hub.

